**Tala: 1**

Exploratory Laparotomy(includes abstract) Polsdorfer R; Nath R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052521

Abstract: Ang laparotomy ay isang operasyon sa tiyan. Mayroong dalawang uri: Open procedure—nangangailangan ng karaniwang hiwang pang-opera ; Endoscopic (o laparoscopy)—ginagawa sa pamamagitan ng maliit, pabilog na mga hiwa na ginagamit upang ipasok ang mga kagamitan para makita ang tiyan at hawakan ang mga organ; maaari ding gawin sa ganitong paraan ang pagtanggal sa apdo at tubal ligation Endoscopic Exploration—LaparoscopyIsang laparoscopic view ng apdo.© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Exploratory Laparotomy

**(Abdominal Exploration; Laparotomy, Exploratory)**

ni: Ricker Polsdorfer, MD

[View English Version]


Pagkakabigkas: LAP-uh-ROT-uh-mee

## Kahulugan

Ang laparotomy ay isang operasyon sa tiyan. Mayroong dalawang uri:

- Open procedure—nangangailangan ng karaniwang hiwang pang-opera
- Endoscopic (o laparoscopy)—ginagawa sa pamamagitan ng maliit, pabilog na mga hiwa na ginagamit upang ipasok ang mga kagamitan para makita ang tiyan at hawakan ang mga organ; maaari ding gawin sa ganitong paraan ang pagtanggal sa apdo at tubal ligation

**Endoscopic Exploration—Laparoscopy**



*Isang laparoscopic view ng apdo.*

*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

**Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan**

- Tiyan

**Mga Dahilan para sa Proseso**
Ang laparotomy ay isang diagnostic na proseso upang siyasatin ang karamdaman sa tiyan. Ginagawa ang prosesong ito upang:

- Matuklasan kung gaano kalaganap ang cancer
- Alamin ang sanhi ng malalang problema sa tiyan, halimbawa:
  - Nabutasang bituka
  - Ectopic (sa labas ng matris) na pagbubuntis
  - Endometriosis
  - Appendicitis
  - Pagdurugo
  - Pamamaga ng lapay

Depende sa kondisyon, maaaring isagawa kaagad ang operasyon.

**Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso**
Ang proseso mismo ay may maliit lamang na panganib. Ang iyong kalusugan at karamdaman ang magpapasiya ng iyong panganib.

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Ang exploratory laparotomy ay hindi na karaniwan ngayon. May mapagpipilian nang iba, hindi kasing mapaminsalang mga paraan. Kasama dito ang ultrasound , CT-scan , MRI , at prosesong x-ray na catheter-guided.

Maliban kung emergency, masusi kang susuriin ng doktor bago ang laparotomy.

## Anesthesia

- General anesthesia (halos palaging ginagamit)
- Local o spinal anesthesia (ginagamit sa mga malubhang pasyente)

## Paglalarawan sa Proseso

Bibigyan ka ng anesthesia at huhugasan ang iyong tiyan. Sa oras na makatulog ka, gagawa ang siruhista ng isang mahabang hiwa (open procedure) o ilang maliliit (laparoscopy). Habang ginagawa ang proseso, maingat na susuriin ang mga organ sa tiyan para sa karamdaman.

Sa laparoscopy, titingnan ang mga organ na maaaring may karamdaman. Susuriin ka ng doktor gamit ang mga kagamitang ipinasok sa pamamagitan ng mga hiwa. Gagamitin ang isang telebisyon upang ipakita ang mga imahe. Kukuha ang siruhista ng mga sample ( mga biopsy ) mula sa mga kahina-hinalang bahagi. Ipapadala ang mga ito sa laboratoryo.

Sa ilang mga kaso, maaaring kailanganin ng siruhista na magsagawa ng isa pang proseso.

## Pagkatapos ng Proseso

Maaaring kailanganin mo ng mas maraming operasyon depende sa natuklasan sa pagsuri sa iyo.

## Gaano Katagal Ito?

- 1-4 oras (depende kung gaano kahirap gumawa ng pagsuri)

## Masakit Ba?

Magkakaroon ng ilang pananakit pagkatapos ng proseso, ngunit maaari kang uminom ng gamot para sa pananakit. Kung mayroon kang spinal o local anesthesia, maaaring may pananakit habang ginagawa ang proseso. Bibigyan ka ng anesthesiologist (doktor na nagbibigay ng anesthesia) ng marami pang gamot.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

Pagdurugo, impeksiyon, at mga reaksiyon sa gamot ang pinakamadalas na masasamang epekto. Kung hindi mo kailangan ang operasyon, kaunti lang ang mga panganib at batay sa iyong karamdaman.

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

- Open laparotomy—ilang araw sa ospital
- Laparoscopic—ilang oras

Depende sa iyong kondisyon, maaaring kailangan mong manatili sa ospital nang mas matagal.

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

Kakailanganin mong magmatyag para sa mga kumplikasyon at mangangailangan ng ilang araw upang gumaling. Tatanggalin ang mga tahi o mga staple sa 7-10 araw.

**Resulta**
Depende ang iyong kalalabasan sa natuklasan sa pagsuri sa iyo.

**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**

- Pagdurugo o lumalabas mula sa mga tahi
- Lagnat
- Tumitinding pananakit o pananakit na hindi nawawala
- Pagduduwal o pagsusuka
- Pagtitibi na lampas sa unang ilang araw
- Pananakit o pamamaga sa iyong mga binti
- Ubo o kahirapan sa paghinga
- Pananakit o kahirapan sa pag-ihi

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052521